



Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



Abril, 2018

Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

“Gifu Sports Fair 2018”



Kangaroo Cup International Ladies Open Tennis
(larawan noong nakaraang taon)

Ang Gifu Sports Fair ay nagdiriwang ng ika- 30 anibersaryo nitong taon. Tatanghalin ang Opening Ceremony sa Abril 15 (Linggo) at mayroong 53 events na gaganapin sa buong panahon na ito.

Pangunahing mga kaganapan

FC Gifu Home Game:

Abril 15 (Linggo) at 2 pang ibang laban

Takahashi Naoko Cup Gifu Seiryu Half Marathon:

Abril 22 (Linggo)

Kangaroo Cup International Ladies Open Tennis 2018:

Abril 29 (Linggo) ~ Mayo 6 (Linggo)

30th Anniversary Event: Mayo 3 (Huwebes, Piyesta Opisyal)

▲ **Petsa:** Abril 15 (Linggo)~ Mayo 13 (Linggo)

▲ **Lugar:** Gifu Memorial Center (Gifu-shi)

▲ **Bayad:** may ilang ebento na mayroong bayad

▲ **Para sa Katanungan:** Gifu Memorial Center

☎ 058-233-8822 (sa wikang Hapon lamang)

▲ **Hanapang Salita:** ぎふスポーツフェア

●Populasyon sa Prepektura

2,008,701 (Nabawasan ng 1000 katao)

Lalaki: 973,616 (Nabawasan ng 466 katao)

Babae: 1,035,085 (Nabawasan ng 534 katao)

※Enero 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.

※Inihambing sa () ng nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayoril!

岐阜県 ミナモだより

hanap in

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televised

(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57

(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa **Gifu Chan** (Channel 8) !

Pindutin ang "d" button para makuha ang lokal na impormasyon!



“Gifu Seiryu Sato Yama Park” Open!



Gifu Seiryu Sato Yama Park Completed Project Drawing

Ang Heisei Memorial Park sa ‘Nihon Showa Mura’ ay magbabago at magiging “Gifu Seiryu Sato Yama Park”.

Ipagdiriwang ang pagbubukas nito sa Abril 8 (Linggo) at may iba’t-ibang mga nakakatuwang event sa araw na ito.

▲ **Petsa:** Abril 8 (Linggo)

▲ **Lugar:** Gifu Seiryu Sato Yama Park (Minokamo-shi)

▲ **Bayad:** LIBRE

▲ **Para sa Katanungan:** Gifu Seiryu Sato Yama Park

☎ 0574-23-0066 (wikang Hapon lamang)

▲ **Hanapang Salita:** ぎふ清流里山公園

Kahon ng Impormasyon

Pangangalap Sa mga Sumusubaybay sa Administrasyon ng Prepektura – F.Y. 2018

Nangangalap ng mga taong nais makipagtulungan sa pagsagot (3 beses sa 1 taon) sa evaluation form o questionnaire na may kinalaman sa administrasyon ng prepektura upang maisaalang-alang ang mga opinion ng mga mamamayan sa pamamalakad at proyekto ng prepektura.

Ang pagsagot sa evaluation form ay maaaring sa pamamagitan ng internet (smartphone, tablet, etc.) o sa koreo.

▲ **Panahon ng Pamamahala:** Mula huling bahagi ng Mayo, 2018 hanggang katapusan ng Mayo, 2019

▲ **Kwalipikasyon:** Kasalukuyang naninirahan sa Prepektura at 18 taon- gulang pataas

▲ **Bilang ng Tao:** Naghahanap ng higit kumulang 250 katao

▲ **Paraan ng Paglahok:** Sa pamamagitan ng website, koreo, at telepono

▲ **Panahon ng Pangangalap:** Marso 22 (Huwebes)~ Abril 27 (Biyernes)

▲ **Para sa Aplikasyon o Katanungan:** Gifu Public Relations Division ☎ 058-272-1118 (sa wikang Hapon lamang)

▲ **Hanaping Salita:** 岐阜県県政モニター

Impormasyon Magpa Checkup para sa Colon Cancer!

Nitong F.Y. 2018, madaming munisipalidad ang nagsasagawa ng screening ng kanser sa colon (large intestines) para sa mga taong may edad 40 hanggang 69 taon gulang at posibleng walang magiging pasaning gastos. Magpasuri para sa colon cancer para sa maagang pagtuklas at maagang paggagamot nito.

※ Mangyaring tandaan na may ilang mga munisipalidad na sisingil ng bayad (mga ¥500). Para sa mga detalye, magtanong sa inyong munisipyo.

▲ **Para sa mga Katanungan:** Prefectural Public Health and Medical Treatment Division

☎ 058-272-8276 (tumutugon sa wikang Hapon lamang); FAX 058-278-2624

▲ **Hanaping Salita:** 岐阜県 大腸がん検診

Impormasyon “Gifukko Card” at “Gifukko Card Plus” Renewal

Ang expiration ng kasalukuyang "Gifukko card" at "Gifukko Card Plus" ay hanggang 2018 Marso 31. Ang bagong "Gifukko card" ay ipamamahagi nang sabay-sabay sa mga kindergarten, nursery, mga paaralan, atbp. Para sa mga may anak na hindi pa nag- aaral at para sa "Gifukko Plus Card", gawin ang renewal application.

▲ **Lokasyon ng Renewal:** Prefectural Child Rearing Support Division o sa inyong munisipyo

▲ **Paraan ng pag Renew:** Dalhin ang mga sumusunod

< Gifukko Card >

• Mga dokumentong nagpapatunay na magulang (guardian) na may mga anak na wala pang 18 taong gulang

< Gifukko Card Plus >

• Application form o lumang Gifuko Card Plus na may deadline hanggang March 31, 2018

• Mga dokumentong nagpapatunay na magulang (guardian) na may mga anak na wala pang 18 taong gulang

▲ **Para sa Katanungan:** Prefectural Child Rearing Support Division ☎ 058-272-8077 (wikang Hapon lamang)

▲ **Hanaping Salita:** ぎふ子育て応援団

Pangangalap Tumatanggap ng mga Aplikante sa Eksaminasyon upang maging Empleyado ng Prepektura (University Graduate o katumbas na kwalipikasyon)

▲ **Araw ng Pagsusulit:** Unang Exam, Hunyo 24 (Linggo)

▲ **Lugar ng Pagsusulit :** Gifu-shi o Tokyo-to Bunkyo-ku

▲ **Para sa Aplikasyon:** Mula Abril 20 (Biyernes), ang mga application form ay ipamamahagi ng bawat regional office, Personnel Commission Secretariat, Tokyo Office, atbp. Maaari ring humiling ng application form sa pamamagitan ng koreo o i-download ang form mula sa website.

▲ **Tanggapan:** Abril 27 (Biyernes)~ Mayo 18 (Biyernes) balidong tatak ng koreo

※Mangyaring suriing mabuti ang mga detalye sa “shiken annai” o gabay sa Pagsusulit

▲ **Para sa Aplikasyon/ Katanungan:** Personnel Commission Secretariat

☎ 058-272-8796 (wikang Hapon lamang)

▲ **Hanaping Salita:** 岐阜県職員採用

Pangangalap Seiryu no Kuni Gifu Art Festival “Unang Gifu Art Eksibit”

Nangangalap ng mga gawa na maaaring isali sa “Unang Gifu Art Eksibit” na gaganapin sa Prefectural Museum nitong Hunyo 9 (Sabado).

▲ **Kategorya:** Japanese painting, Western painting, sculpture, crafts, calligraphy, photography, free expression

▲ **Mga kinakailangan sa kwalipikasyon:** Walang limitasyon

▲ **Araw ng Pagpasa ng gawain • Paglalagak:**

Mayo 23 (Miyerkoles): Valor Bunka Hall (Tajimi- shi Bunka Kaikan) o Ena Bunka Center

Mayo 24 (Huwebes): Takayama Shimin Bunka Kaikan

Mayo 26 (Sabado) at 27 (Linggo): Gifu Museum of Fine Arts

▲ **Bayad sa aplikasyon:** ¥2,000 (Ngunit ¥1,000 para sa mga College students o katumbas; at LIBRE para sa mga Senior HS pababa o taong may sertipiko ng kapansanan)

▲ **Para sa Aplikasyon/ Katanungan:** Gifu Foundation for Education and Culture

☎ 058-233-5810 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲ **Hanaping Salita:** ぎふ美術展 岐阜県教育文化財団

Pangangalap Pagtatayo ng Bahay na Gawa sa Troso ng Gifu

Suporta sa bahay na bagong tayo at gumamit ng kahoy/ torso ng prepektura para sa konstruksyon nito.

▲Umpisa ng Tanggapan: Abril 10 (Martes)

※First come, first served (magtatapos ang pagtanggap sa araw na naabot ang numero ng recruitment)

▲Para sa Aplikasyon: Mag-apply sa Forestry Division ng bawat Regional Agriculture and Forestry Office sa loob ng 60 na araw pagkatapos maitayo ang bahay.

▲Halaga ng Suporta: Construction Materials 1 Bahay/ ¥200,000

Construction Materials at Interior Design 1 Bahay/ ¥300,000 o kaya ¥ 320,000

▲Kondisyon: May "Registered Trademark ng Gifu" ang troso na ginamit para sa mahigit na 80% ng haligi at barakilan at higit sa 6m³ na pahalang na baras, atbp ng istraktura.

▲Para sa Katanungan: Prefectural Lumber Industry Promotion Division

☎ 058-272-8487 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲Hanaping Salita: ぎふの木で家づくり

Ang impormasyong ito ay para sa kasalukuyan ng Pebrero 26, 2018.

Para sa katanungan sa mga impormasyong nasa itaas, makipag-ugnayan sa:

Gifu Ken Public Relations Division ☎058-272-1111 (Dir. Line) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng: **Gifu International Center** <http://www.gic.or.jp>